**ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER (OSPITAL AT MEDICAL CENTER NG ENGLEWOOD )**
**PATAKARAN SA PINANSYAL NA TULONG**

**Isang Simpleng Buod**

Alinsunod sa aming Patakaran sa Pinansyal na Tulong (tingnan ang sanggunian sa ibaba), ang lahat ng pasyenteng walang insurance na hindi naaprubahan para sa Medicaid o Pangangalagang Pangkawanggawa ay makakatanggap ng pinansyal na tulong mula sa EHMC. Sinisingil ang mga pasyenteng ito ng isang partikular na porsyento ng mga aktwal na singil sa kanila nang "may diskwento," na nakakabawas nang malaki sa halaga ng bill na dapat bayaran ng pasyente. Ang isang pasyenteng walang insurance ay hindi sisingilin nang mas malaki sa may diskwentong rate para sa emergency o iba pang kinakailangang medikal na pangangalaga

Hindi kailangang mag-apply ng isang pasyenteng walang insurance para sa tulong dahil awtomatiko ang kwalipikasyon ng lahat ng pasyenteng walang insurance at sisingilin sila sa may diskwentong rate na inilarawan sa itaas. Walang criteria sa kwalipikasyon maliban sa kawalan ng insurance ng pasyente at dapat ay agarang kinakailangan o medikal na kinakailangan ang serbisyong ibibigay.

Ang mga sumusunod na patakaran ay makikita sa website ng Englewood Hospital and Medical Center sa www.englewoodhealth.org

Patakaran sa Pinansyal na Tulong
Programa ng Tulong sa Pagbabayad para sa Pangangalaga ng New Jersey Hospital (Pangangalagang Pangkawanggawa)
Patakaran sa Pagsingil at Mga Pagkolekta

Available din ang mga kopya ng mga patakaran sa itaas sa mga lugar kung saan nagpaparehistro at sa Financial Counseling Department (Departamento ng Pinansyal na Pagpapayo) ng EHMC sa 350 Engle St. Englewood, NJ 07631

Maaari ding matanggap ang isang libreng kopya ng alinman sa mga patakarang binanggit sa itaas sa pamamagitan ng koreo. Mangyaring tumawag sa (201) 894-3031 upang makakuha ng isang kopya. Available ang mga kinatawan mula Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 9am at 5pm sa (201) 894-3031 upang sumagot ng mga tanong na nauugnay sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong.

Ang mga patakaran sa itaas ay available sa mga sumusunod na wika:

English
Spanish
Korean
Chinese
Russian
Japanese

Italian
Tagalog
Arabic
Gujarati
Greek
Portuguese/Portuguese Creole
Serbio-Croatian
Armenian